Maging ikaw man ay kasalukuyang isang residente ng Sault Ste. Marie, o isang bumabalik na residente, isang bagong dating, o nag-iisip na lumipat sa Sault Ste. Marie, ang Discoverthesault.ca ay magbibigay sa iyo ng mahahalagang impormasyon na kinakailangan mo upang matunton ang iyong daan patungo sa lungsod at maiugnay ka sa lahat ng mga serbisyong kakailanganin mo o nais na malaman upang gawin ang Sault Ste. Marie na iyong tahanan.

Ang Discoverthesault.ca ay nakapagbibigay ng kakayahan upang makapaghanap at makipag-ugnay sa lahat ng maihahandog ng Lungsod: mula sa mga serbisyong pampamahalaan at panlipunan at mga mapagkukunan ng impormasyon, mga sining at kultura, edukasyon, trabaho, mga mapagkukunan ng impormasyon para sa negosyo, at marami pang iba.

Ang Sault Ste. Marie ay talagang isang pang-internasyunal na lungsod na may mga pinagmulan bilang isang tagpuang lugar para sa mga mamamayan ng Unang Nasyon (First Nations). Si Etienne Brulé ay kinikilala bilang siyang unang maglalayag na Pranses na nakadiskubre sa lugar. Ang pangangalakal ng balahibong hayop (fur-trade) ay lumago sa loob ng buong siglo na nagdala ng unang mga Pranses, pagkatapos ng mga ukol sa Britanya, na mga mangangalakal.

Ang Amerikanong negosyante na si Francis H. Clergue ay dumating noong 1894 at naghatid sa lungsod ng isang panahon ng industriyalisasyon. Nabili ni Clergue ang lokal na plantang pang-elektrikal at nakagawa ng isang kapuna-punang dami ng mga industriya, pati na ang: isang pagawaan ng papel, kumpanya ng mga tabla, at isang kumpanyang pagbabapor.

Sa pagdagsa ng mga imigranteng taga Europa sa mga taon pagkatapos ng gera, at bilang isang direktang resulta ng kanilang mga talento at mga pagsisikap, ang Sault Ste. Marie ay patuloy na umunlad sa huling siglo.

Ngayon, ang pag-unlad ay nagpapatuloy sa kamakailang pagdating ng mga taong galing sa Timog Amerika at timog Silangang Asya.

Ang 2006 na sensus na isinagawa ng Statistics Canada ay nagpapakita na ang Sault Ste. Marie ay may isang banyagang-ipinanganak na populasyon na 11%. Katulad ng maraming mga komunidad ng Canada, kinikilala ng lungsod na ang mga dalubhasang manggagawa at ang mga bagong dating sa Canada ay magiging mahalaga sa pagpapanatili at panghinaharap na paglaki ng populasyon at ekonomya ng Sault Ste Marie.

Sa katapusan, ang mga magkakasunod na Konseho ng Lungsod ay gumawa ng pang-internasyunal na mga inisyatibong pang-abot-kamay (outreach) sa pag-asang ang mga ito ay magbubunga para sa Sault Ste Marie ng isang malaking

kapalit sa pamumuhunan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng populasyon at pag-uunlad ng lokal na ekonomya.

Gayundin, ang lokal na industriya, post-sekundarya at ang iba pang mga institusyon ay nagpapatuloy na umabot sa labas ng Canada sa pamamagitan ng mga tinatarget na pangangampanya sa pang-internasyunal na mga istudyante at mga dalubhasang mga manggagawa.

Ang pag-iiwan sa sariling tahanan upang manirahan sa isang bagong bansa ay isang malaking hakbang. Ang mahalagang impormasyong katulad ng kung paano kumuha ng isang social insurance number, paano kumuha ng isang lisensya sa pagmamaneho, paano nagtatrabaho ang sistema ng edukasyon – ay mahalaga sa matagumpay na paninirahan at integrasyon ng mga bagong dating.

Sa pagkakaroon ng pagpopondo sa proyekto mula sa Ministri ng Imigrasyon at Pagkamamamayan ng Ontario (Ontario Ministry of Citizenship and Immigration), ang isang web portal ng imigrasyon ay nagawa. Ang *DiscovertheSault.ca* ay nagbibigay ng isang-puntong mapupuntahan patungo sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa lahat ng bagay magmula sa mga serbisyong pampamahalaan at panlipunan hanggang sa mga sining at kultura.

Ang website ng *Discover the Sault* ay nagtataguyod ng Sault Ste. Marie bilang isang magandang lugar para tirahan, pagtatrabahuhan at malalaruan habang nagbibigay sa mga bagong dating ng praktikal na mga impormasyong kinakailangan nila.

Simula nang ilunsad ang *Discoverthesault.ca*, ang website ay nakatanggap na ng mga bisita mula sa mahigit sa 18 hanggang mahigit sa 90 mga bansa/mga teritoryo. Pagkatapos ng mga hits mula sa loob ng Canada, ang pinakamaraming pagbibisita ay nagmumula sa Sri Lanka, sinusundan ng Estados Unidos, Pransya, United Kingdom, at ng Pilipinas.

Gagawin ng ikalawang bahagi ng proyekto na maaaring lubos na mabasa ang website sa Pranses, Intsek, Hindi, Koreano, at Espanyol.

Ang komunidad ng Sault Ste. Marie ay pinagyayaman ng mga tradisyon, kultura, at kapamaraanan ng mga taong namiling manirahan dito.